Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG DISYEMBRE, 2021.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | Kasangguni |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 197-2021**

**ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA PINAGTITIBAY ANG 2022 TAUNANG PAGLALAAN NG PAMAHALAANG BARANGAY NG BAGNA NA NAKAPALOOB SA KANILANG BARANGAY APPROPRIATION ORDINANCE NO. 01-2021 NA NAGKAKAHALAGA NG PITONG MILYON, LIMANG DAAN TATLUMPU'T TATLONG LIBO, ANIM NA RAAN AT DALAWAMPU'T ANIM NA PISO (PHP7,533,626.00).**

**ITINAGUYOD NI: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
**AKDA NINA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. ENRICO C. CAPULE, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** itinatadhana ng Seksyon 16 ng Batas Republika Blg. 7160 o mas kilala sa taguring Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng Pilipinas na pangunahing layunin at gampanin ng Pamahalaang Panlungsod ang pagbibigay ng mga programa at proyekto na magsusulong ng kagalingang panlipunan;

**SAPAGKAT,** naisumite sa dakilang kapulungang ito, partikular sa Lupon sa Paglalaan at Paggugol para sa kaukulang pagrerebisa ang 2022 Taunang Paglalaan ng Barangay **Bagna** ng Lungsod ng Malolos batay sa kanilang pinagtibay na Barangay Appropriation Ordinance No. 01-2021;

**SAPAGKAT,** ang nasabing 2022 Taunang Paglalaan ng Barangay **Bagna** Lungsod na ito ay nagkakahalaga ng **PITONG MILYON, LIMANG DAAN TATLUMPU'T TATLONG LIBO, ANIM NA RAAN AT DALAWAMPU'T ANIM NA PISO (PHP7,533,626.00).**

**SAPAGKAT,** sa nabanggit na Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng **Bagna** malinaw na naihayag ang mga programa at proyektong pagsasandigan ng mga gastusin na inakma sa lalong pagpapaigting ng paglilingkurang madla tungo sa higit na ikaiinam ng kagalingang panlahat;

**SAPAGKAT,** batay sa tagubilin ng Executive Order No. 27, marapat lamang na ang PROGRAMS, PROJECTS AND ACTIVITIES (PPA's) ng bawat Barangay ay naka-angkla sa National Development Goal; AMBISYON NATIN 2040 at sa 2030 Agenda for Sustainable Development (SDG's);

**SAPAGKAT,** alinsunod sa Seksyon 305(i) ng R.A. 7160 ang pagbalangkas ng Local Development Plans, Annual Investment Program (AIP) ay nakabatay sa Barangay Development Plan;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng **Bagna** sumasang-ayon sa probisyon ng R.A. 7160 partikular sa Seksyon 325, patungkol sa pangkalahatang limitasyon sa paghahanda ng Taunang Paglalaan gaya ng paglalaan para sa 55% Personnel Services, 10% Sangguniang Kabataan (SK) Fund (Sec. 329, R.A. 7160, Sec. 20(a), R.A. No. 10742, 20% Development Fund (Section 287) (DILG-DBM Joint Memo Circular (JMC) No. 2017-1), 5% Calamity Fund, (Sec. 21 (R.A. 10121), 5% Gender and Development Fund (GAD) (R.A. 7192, R.A. 9710 at Philippine Commission on Women) 2% Discretionary Fund at 1% Senior Citizen and Persons with Disability (PWD) Fund;

**SAPAGKAT,** batay sa Seksyon 16 ng R.A. 7160 kilala sa Taguring Local Government Code of 1991, na tungkulin ng Pamahalaang Lokal na isulong ang kagalingang panlahat at ang 2022 Taunang Badyet ng Barangay **Bagna** ay instrumento sa nasabing tadhanain ng batas;

**SAPAGKAT,** ang mabunying Sangguniang Panlungsod ay may animnapung (60) araw upang rebisahin o repasuhin ang mga paglalaang pinagtibay ng Sangguniang Barangay;

Sa kahilingan ni **Kgg. Dennis D. San Diego** na sinang-ayunan ng lahat, ay

**IPINASIYA,** gaya ng ditoý ginagawang pagpapasiya na pinagtitibay ang 2022 Taunang Paglalaan ng Pamahalaang Barangay ng **Bagna** na nagkakahalaga ng **PITONG MILYON, LIMANG DAAN TATLUMPU'T TATLONG LIBO, ANIM NA RAAN AT DALAWAMPU'T ANIM NA PISO (PHP7,533,626.00).**

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

***KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

***KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

***KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*12072021